# "Natarantang Nanalangin"

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Agosto 13, 2022

Magulong pag-iisip ang madalas na dahilan ng pagkataranta. Ang pagtanggap ng masamang balita ay nagdudulot ng pagkabagabag: pagkarinig ng di-kaaya-ayang pagsusuri ng doktor, pagkatuklas na di tapat ang asawa, o pagkatanggal sa trabaho, ay maaaring magdulot sa atin ng kaguluhan/pagka taranta. Nakaranas din ang mga alagad ng pagkataranta noong sila ay naglalayag sa gitna ng malakas na unos. (Mateo 14:22-33). Natakot din si San Pedro at tinanong siya ni Hesus, "Bakit ka natatakot?" Pinakalma ng Diyos ang unos at alon sa isang utos lamang. Tulad sa mga alagad, kung natataranta tayo sa ating panalangin, lagi nating tandaan na may kasama tayong mas higit pa sa pinakamalakas na unos. Sa anumang sitwasyon, magalak tayong lagi sa Panginoon (Fil.4:4-5) dahil makakayanan natin lahat sa tulong ni Kristo na nagbibigay sa atin ng kalakasan.

1. Kapag tayo ay natatarantang manalangin, sigurado tayong:
   1.1. Hindi atin kaisa ang Diyos sa pagkabalisa, dahil kontrolado Niya ang lahat.
   1.2. Hindi nagugulat ang Diyos. Batid Niya ang lahat.
   1.3. Sa anumang sitwasyon, sagana man o sa kasalatan, matuto tayong makontento (Fil.4:11-13; 1Tessalonica 5:17).
2. Mayroong 125 na mensahe sa Bibliya na nagpapatunay na huwag tayong matakot.
   2.1."Huwag matakot. Ako ang iyong Panginoon." Matuto tayong maging pamilyar sa tinig ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aaral sa Ebanghelyo.
   2.2. Ang utos ng Diyos ay unahin Siyang mahalin. Kung iniibig natin si Hesus, iibigin din natin ang ating kapwa (Juan 14:15).
   2.3. Kung sakaling mayroon tayong katatakutan-ito ay ang takot na masaktan natin ang Diyos at hindi natin Siya sinusunod. Anuman ang sitwasyong pinagdadaanan natin, dadalhin Niya tayo sa ligtas na lugar.
   2.4. Kailangan lang natin Siyang tawagin anumang oras at Siya ay tutugon (Jer.33:3).
3. May layunin Si Hesus bakit Niya tinangihan ang isang taga Cananea (Mateo 15:21-28).Gusto Niyang turuan ng aral ang mga alagad. Ayaw niyang mawala si Hesus sa kanyang paningin kahit maraming beses na siyang tinanggihan.
   3.1. Hindi siya pinansin ni Hesus. Nagpatuloy siya sa pagsusumamo sa Kanya.
   3.2. Hindi siya tinugon ni Hesus kahit nagmamakaawa siya. Patuloy ba tayong makikiusap kay Hesus gaya ng babaeng ito?
   3.3. Tinanggihan siya ni Hesus dahil sa kanyang lahi/espiritwal na katangian. "Narito ako para sa mga Israelita; hindi Ako naparito para sa iyo… (Mateo 15:24)."
4. Namangha si Hesus sa pagtitiyaga ng babae. Namamangha din Siya sa atin kapag nananatiling malakas ang ating pananampalataya sa Kanya.
   4.1. Maski hindi Niya tayo sinasagot kaagad, magtiwala tayo sa Kanyang kapangyarihan.
   4.2. Minsan di natin maintidihan bakit tahimik ang Diyos, ngunit kontrolado Niya ang lahat. Sinasabi Niya,"hindi ngayon, hindi pa."
   4.3. Huwag tayong padala sa ating damdamin. Mamuhay ayon sa Kanyang kalooban at ipagkakaloob Niya ang lahat ng kailangan natin.
   4.4. May himalang magaganap kung magtitiyaga tayo at may pananampalataya.
   4.5. Bakit kaya hindi agad sinasagot ng Diyos ang ating mga panalangin? Dahil kung tutugunin Niya tayo agad baka babalewalain na natin Siya. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid (Santiago 5:16).

**Konklusyon:**
Ikaw at ako ay katulad ng isang taga Cananea.Tayo ay makasalanang hindi karapat-dapat, ngunit namatay ang Diyos para sa atin (Roma 3:23,5:6). Huwag na tayong lumayo sa Kanya; sa halip manatili sa komunidad kung saan tayo itinanim ng Diyos at lumago (2 Pedro 2:21-22).

**Pagninilay**: Mayroon bang bumabagabag sa iyo ngayon?Manalangin,
***"Panginoon, tulungan mo ako."***

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pananampalataya#Pagkatakot